# Balitang Manmin

BILANG 66 HULYO 15, 2012


# “Gusto Kong Ipamahagi ang mga Awiting Mula sa Diyos”

## -Pastor Dmitry Petrovsky, taga-Israel













Si Pastor Dmitry Petrovsky ng Crystal Forum, Israel nang bumisita siya sa Manmin Central Church para makita nang personal ang ministeryo ng Manmin. ■ Litrato 1: Habang tumatanggap ng panalangin ni Dr. Jaerock Lee para sa mga biyaya (Tagasalin: Diakonesa Ronya Son) ■ Litrato 2: Ang espesyal niyang papuri na inihandog noong Hunyo 10 sa pagsamba sa Linggo ng gabi. ■ Litrato 3: Ang 2012 Crystal Music Festival na naging dahilan ng pagkakaisa ng mga pastor na taga-Israel. ■ Litrato 4: Ang Krusada ng Pagkakaisa ni Dr. Jaerock Lee noong 2009, umaapaw sa makapangyarihang pagkilos ng Diyos

Bumisita si Pastor Dmitry Petrovsky, direktor ng pagsasaayos ng mga okasyon ng Crystal Forum (samahan ng mga pastor na taga-Israel), sa Manmin Central Church para magpasalamat sa mga nagtanghal sa 2012 Crystal Music Festival at para maranasan nang personal ang ministeryo ng Manmin.

Siya ay aktibo sa pagmiministeryo sa buong mundo bilang pianista, manunulat ng mga kanta, at direktor. Kilala siyang mang-aawit ng mga awiting tungkol sa Diyos. Noong Hunyo 10, 2012, nagbigay siya ng isang espesyal na awitin sa pagsamba sa Linggo ng gabi. Sumigaw siya ng “Shalom! Shalom!” bilang tugon sa kagalakang ipinakita ng kongregasyon. Kinabukasan, sa panayam sa kanya, kitang-kita ang liwanag sa mukha niya dala ng pagpapala. Narito ang panayam sa kanya:

◈ Ano ang masasabi mo tungkol sa Manmin?

“Nasa Manmin Central Church na ang lahat ng bagay, kasama na dito ang Salita ng Buhay, ang kapangyarihan ng Diyos, maalab na pananalangin, at magandang musika. Nakita ko ito nang personal. Namangha ako sa maalab ng pananalangin ng mga miyembro, sa dedikasyon nila sa mga tungkuling ibinigay ng Diyos, at sa mataas na kalidad ng mga pagtatanghal nila. Nakita kong dumadaan sila sa maraming ensayo. Labis ang paghanga ko sa Nissi Orchestra. Nawa ay makasama ko ang Nissi Orchestra sa pagluluwalhati sa Diyos sa pamamagitan ng awit na isinulat ko.”

◈ Nabalitaan naming naranasan mo na ang kapangyarihan ng Diyos. Maaari mo bang ikuwento ito sa amin?

“Ang pamilya ko ay nanirahan sa Belarus noong 2009. Nasuring mayroong malalang lymphoma ang asawa ko sa gitna ng dalawang baga niya. Habang ipinapanalangin ko siya, pinapunta ako sa Israel. Nagtungo ako sa Spirit of Life Church (Pastor Sergey Vocharnikov) sa Nazareth, Israel. Magmula noon, nagtatrabaho na ako sa Crystal Forum.

Samantala, dumalo ang asawa ko sa isang seminar sa Israel para sa mga pastor na pinamunuan ni Dr. Jaerock Lee. Ipinanalangin siya dito. Agad siyang gumaling, at nagbuntis pa siya. Sinabi ng mga doktor na delikadong magbuntis sa kasalukuyang kalagayan niya. Subalit nagpatuloy kami sa pananalangin, natitiyak naming siya ay gagaling. Sa wakas ay ipinanganak nang ligtas ang sanggol namin, dahil sa pagpapala ng Diyos. Noong Oktubre 2011, kinumpirma ng ospital na lubos nang magaling ang asawa ko.”

◈ Ano ang naramdaman mo nang dumalo ka sa Krusada ng Pagkakaisa sa Israel noong 2009?

“Sa Krusada ng Pagkakaisa sa Israel na idinaos ni Dr. Jaerock Lee sa Jerusalem noong Setyembre 6 at 7, 2009, nakita kong gumaling at tumanggap ng sagot sa mga dalangin ang maraming tao sa pananalangin ni Dr. Lee. Napanood ko ang magagandang pagtatanghal na nagpaalala sa akin ng Langit. Marami akong natutuhan sa nakakamanghang pagbobrodkast ng krusada sa buong mundo habang nagaganap ito. Malaki ang naging impluwensya ng tatlong taong ministeryo at krusada ng pagkakaisa ni Dr. Lee sa Israel. Bilang bunga ng pagmamahal niya at walang sawang suporta sa Israel, naitatag ang Crystal Forum at kapansin-pansin ang paglago nito. Gusto ngayong tumulong ng mga pastor sa Israel sa pagpapalakas at suporta kay Dr. Lee.”

◈ Maaari bang ikuwento mo sa amin ang tungkol sa 2012 Crystal Music Festival na pinamahalaan mo?

“Noong Mayo, idinaos ang '2012 Crystal Music Festival' na dinaluhan ng may 2,000 tao sa Latrun Mini Israel. Isang makasaysayang sandali ito para sa mga Messianic Jews (mga Judiong naniniwala kay Jesu-Cristo) para magpuri sa Diyos sa isang lantad na lugar. Nagulat ang mga tao roon nang makita nilang maaaring magdaos ng isang napakalaking okasyon ang mga Cristiano sa Israel. Nakabuti ito sa kalagayan ng mga Cristiano doon at naging magandang pagkakataon para sa mga pastor upang magkaisa.”

◈ Ano ang masasabi mo sa mga awiting mula sa Diyos na pinamagatang ‘Manmin Praise’?

“Nagtatamasa ang mga miyembro ng Manmin ng mga masaganang pagkain mula sa Diyos. Isa na dito ang Manmin Praise. Tumanggap ako ng malaking pagpapala sa mga awiting mula sa Diyos sa Manmin Praise. Dinadalisay ng mga awitin ang mga puso natin. Bilang isang taong nag-aral ng musika, namangha ako sa magagandang tono na ni hindi ko man lang naisip gamitin at naantig ako sa mga titik na puno ng pagpapala. Gusto kong ipamahagi ang makalangit na mga awiting ito sa mga taga-Israel.”

◈ Ano ang mga partikular na plano mo para sa Manmin Praise?

“Pagbalik ko sa Israel, isasalin ko ang Manmin Praise sa wikang Ruso at Hebreo mula sa Ingles para matutuhan ng mga tao doon at ng buong mundo. Gusto kong anyayahan sa Israel ang mga pastor ng Manmin para magdaos ng mga seminar. Gusto kong ibahagi ang ebanghelyo ng kabanalan at ang kapangyarihan ng Diyos sa iba’t ibang paraan. May plano akong magtanghal ng isang palabas tungkol sa kasaysayan ng Israel sa pamamagitan ng awit, musika at sayaw. Ang mga gaganap ay magmumula sa Manmin.”

◆ MANMIN PRAISE

Ang Komite ng Pagtatanghal ng Manmin ay nakatuon sa paghahandog ng mga palabas na nagbibigay-lugod sa Diyos sa panahong naging sekular na ang mga papuring awit. Dahil nagbigay ng mga awit ang Diyos sa mga taga-Israel para masunod nila ang mga batas Niya at para mapanatili ang kasaysayan nila na nakatala sa Deuteronomio 31:19-22, nagbibigay din Siya ng mga awitin sa Manmin magmula pa noong 2009 para maaaring awitin ng lahat ng tao sa buong mundo. Mayroong 150 awiting mula sa Diyos sa ngayon, apat na album na ang inilabas sa wikang Koreano.

# Huwag Nawang Magkasala ang Hari

"At si Jonathan ay nagsalita nang mabuti tungkol kay David kay Saul na kanyang ama, at sinabi sa kanya, 'Huwag nawang magkasala ang hari laban sa kanyang lingkod na si David sapagkat hindi siya nagkasala laban sa iyo at ang kanyang mga gawa ay mabuting paglilingkod sa iyo.'" (1 Samuel 19:4)

Ipagpalagay natin na mayroon kang isang kaibigan, at nagmamahalan kayo. Ang pagmamahal mo sa kanya ay gaya ng pagmamahal mo sa sarili mo. Sabihin nating malapit nang malugi ang kumpanya ng tatay mo, at sa tulong ng kaibigan mo, nakabawi kayo. Natural lang na gusto ninyong mag-ama na mabayaran ang kabutihan niya sa inyo, sa buong buhay ninyo. At tiyak na malulungkot ka kung makakalimutan ng tatay mo ang kabutihang iyon at sasaktan pa ang kaibigan mo.

May isang mabuting tao na gumawa ng mga tungkulin niya bilang responsableng anak hanggang sa huli, kahit tinalikuran ng Diyos ang ama niya dahil sa kasamaan nito. Siya ay si Jonathan. Anak siya ni Saul na unang hari ng Israel. Kapag nagkakasala ang ama, pinagsasabihan ito ni Jonathan. Ni hindi niya inisip ang kaligtasan niya sa pagpipigil sa ama sa paggawa ng kasalanan. Paano kaya kung ikaw ang nasa situwasyon niya?

### 1. Sinikap ni Jonathan na mapigilang magkasala ang ama niya sa pamamagitan ng espirituwal na pag-ibig.

Bilang panganay na anak ni Saul, si Jonathan ang tagapagmana ng hari. Siya ay minahal at pinagkatiwalaan ng mga tao dahil magaling siyang sundalo at iginagalang na pinuno.

Nakilala ni Jonathan si David. Sa tulong ng Panginoon, tinalo ni David si Goliat, ang pinakakampeon sa hukbo ng mga Filisteo. Nagtagumpay siya sa pamumuno ng isang mabigat na labanan. Kung wala si David, natalo sana ng mga Filisteo ang mga Israelita. Nang makilala ni Jonathan si David nakita niyang si David ay lingkod ng Diyos. Kaya minahal niya si David gaya ng pagmamahal niya sa sarili niya.

Dahil malaki ang naitulong ni David sa labanan, ginawa siyang pinuno ng hukbo ni Haring Saul. Lalong naging matatag ang posisyon niya bilang bayani ng bansa dahil sa tagumpay sa bawat labanan. Subalit may isang insidente na ikinagalit ni Haring Saul. Habang pauwi si David mula sa tagumpay laban sa mga Filisteo, umawit ang mga kababaihan: "Pinatay ni Saul ang kanyang libu-libo, at si David ang kanyang laksa-laksa."

Magmula noon, nagalit na si Saul kay David. Inisip niya, "Ano pa ba ang maaaring mapasakanya kundi ang kaharian?" Sinibat pa ni Saul si David habang tumutugtog ng alpa. Si Jonathan ay labis na nalungkot nang makita ang nakakatakot na galit ni Saul kay David. Nagpatuloy siya sa pagmamakaawa kay Saul na mahabag kay David, pero walang nangyari.

Maganda ang mga sinabi ni Jonathan kay Saul tungkol kay David. Sa 1 Samuel 19:4-5 naitalang sinabi niya, "Huwag nawang magkasala ang hari laban sa kanyang lingkod na si David sapagkat hindi siya nagkasala laban sa iyo at ang kanyang mga gawa ay mabuting paglilingkod sa iyo. Inilagay niya ang kanyang buhay sa kanyang kamay at pinatay ang Filisteo, at gumawa ang PANGINOON ng dakilang pagtatagumpay para sa buong Israel. Nakita mo ito at nagalak ka; bakit magkakasala ka laban sa walang salang dugo sa pamamagitan ng pagpatay kay David na walang anumang kadahilanan?"

Ano ang gagawin mo kung ikaw si Jonathan? Ayon sa isang lumang kasabihan, ang awtoridad at kapangyarihan ay mga



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

bagay na hindi maaaring paghatian kahit ng mga magulang, mga anak, at ng magkakapatid. Si Jonathan ang tagapagmana ng trono ni Haring Saul kung wala si David. Sa kabilang banda, masisira ang pamilya niya kung si David ang magiging hari.

Subalit hindi pinili ni Jonathan ang pagmamahal na makalaman pati na ang kasamaan. Nawari niya kung ano ang tama at mali. Hindi siya basta na lang manunuod at tatayo habang ang ama niya ay patungo sa pagkawasak. Ito ang dahilan kung bakit nagawa niyang pagsabihan ang ama niya na huwag magkasala. Nagpakita siya ng espirituwal na pag-ibig sa ama.

### 2. Sa kabutihan ni Jonathan, tinupad niya ang tungkulin sa ama hanggang sa huli.

Habang mas nagiging tanyag at kapuri-puri si David, inutusan ni Saul ang mga tauhan niya na patayin ito. Tinulungan ni Jonathan si David para makatakas, at nakiusap kay Saul na iligtas ito. Sa 1 Samuel 20, tinanong ni Saul kung bakit hindi dumating si David sa hapag kainan sa ikalawang araw ng bagong buwan nang makitang wala ito doon. Para makita kung ano ang gagawin ni Saul, sinabi ni Jonathan, "Nakiusap sa akin si David na siya'y papuntahin sa Bethlehem na kanyang bayan, sapagkat doon ay mayroong taunang paghahandog para sa buong angkan." Kung walang balak si Saul na patayin si David, babalewalain niya ito.

Nang marinig ito ni Saul, nag-init ang galit niya, sinabi niya, "Ikaw na anak ng isang masama at mapaghimagsik na babae! Hindi ko ba alam na iyong pinili ang anak ni Jesse sa ikahihiya mo, at sa ikahihiya ng kahubaran ng iyong ina? Sapagkat habang nabubuhay ang anak ni Jesse sa ibabaw ng lupa, ikaw ni ang iyong kaharian ay hindi mapapanatag. Kaya't ngayo'y ipasundo mo at dalhin siya sa akin, sapagkat siya'y tiyak na mamamatay" (1 Samuel 20:30-31).

At sumagot si Jonathan kay Saul, "Bakit kailangang patayin siya? Ano ba ang ginawa niya?" at sinikap niyang patunayang walang kasalanan si David. At sinibat din ni Saul pati ang anak niya, papatayin niya ito dahil sa galit niya. Nagdalamhati si Jonathan dahil nalaman niyang matindi ang galit nito kay David at ipinahiya siya ng kanyang ama.

Ipinagtanggol ni Jonathan si David, isang lingkod ng Diyos na naglagay ng buhay niya sa panganib, at may pagmamahal na pinagwikaan si Saul para talikuran niya ang mga kasalanan niya. Ang dahilan kung bakit kaibig-ibig ang kabutihan ni Jonathan ay sapagkat hindi lang niya pinigilan ang ama niya sa pagkakasala, tinupad pa niya ang tungkulin niya bilang anak. Dagdag pa, ang mabubuting tao ay nalulungkot kapag nakikita nila ang kasamaan ng iba. Pero mas masakit kung ang taong nagpapakita ng kasamaan ay miyembro ng minamahal na pamilya.

Batid ni Jonathan na tinalikuran na ng Diyos ang ama niya. Inaasahan na niya ang mangyayari sa kanya kapag kasama niya ang masamang tao na tinalikuran ng Diyos. Subalit hindi niya iniwanan ang ama niya. Sa bandang huli, namatay siya kasama ng ama niya sa laban nila sa mga Filisteo. Hindi niya iniwan ang ama niya hanggang sa kamatayan.

### 3. Ang tunay na kabutihan ay pumipigil sa mga tao para magkasala at ginagabayan sila sa katotohanan.

Kapag may kuwento sa Biblia tungkol sa isang taong nagkakasala, nakasulat din kung paano nasasaktan ang buong pamilya niya at pati ang kapwa ay nagdudusa rin sa nangyaring pinsala. May ilang tao ang nakasakit sa buong bansa dahil sa kasalanan nila. Kung nagkasala ang lider ng isang grupo, mas malala ang mangyayari sa mga tagasunod niya.

Mapanganib na kaaway ang kasalanan, sumisira ito hindi lang sa ating mga sarili kundi pati sa mga nakapaligid sa atin. Subalit kung naliligaw ng landas ang minamahal mo, at hindi mo pinagsabihan dahil natatakot kang masaktan ang damdamin niya at magkaroon kayo ng away, hindi ito matatawag na pagmamahal at kabutihan. Ito ay makalaman na pagmamahal lang.

Sa 1 Samuel 2:12, si Eli na isang pari ay mayroong makalaman na pagmamahal. Ang dalawang lalaking anak niya ay nagkasala sa harapan ng Diyos, pero hindi niya sila pinarusahan, sinabihan lang niya silang huwag magkasala. Hindi tumalikod sa mga kasalanan nila ang dalawang anak niya. Dahil dito, namatay si Eli at ang dalawang anak niya at nakaranas ng matinding kapahamakan ang pamilya niya. Ang tunay na kabutihan ay namumuno sa katotohanan at nagpapayo para mapigilan ang mga tao sa paggawa ng kasalanan.

Isa sa mga miyembro ng iglesya namin ay hindi tumatahimik kapag nakikita niya ang mga miyembro ng pamilya niyang nagsasalita ng negatibo o gumagamit ng mga salitang nakakapagpalungkot sa Diyos. Pinagwiwikaan niya sila at hinihimok na magsalita ng katotohanan nang may kasamang pag-ibig dahil batid niya kung ano ang kabutihan. Alam niya kung ano ang nakakalugod sa Diyos at kung ano ang ganap na kabutihan. Mahal niya ang pamilya niya, kaya ginagabayan niya para isabuhay ang Salita ng Diyos at para huwag gumawa ng kahit maliliit lang na kasalanan. Sa paraang ito, dinadala niya sila sa katotohanan.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, dahil puno ng espirituwal na pag-ibig si Jonathan, nagawa niyang magpayo sa ama niya mula sa kanyang kabutihan hanggang sa huli, kahit nagkasala ito. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na mahalin ninyo kahit ang masasamang tao hanggang sa huli, at matapang na sabihin sa kanila ang mga kasalanan nila at gabayan sila sa daan patungo sa katotohanan.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church

Address: 235-3, Guro-Dong3, Guro-Gu, Seoul, Korea (152-848)
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: www.manmin.org/english
Email: manminministry@gmail.com

Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

# “Gumaling ang Malalang Panlalamig ng mga Kamay at Paa Ko Dahil sa Pag-ibig ng Diyos”

**Kap. Kaneda Shizuko** (Ida Manmin Church, Japan)

Noong Agosto 2011, dumalo ako sa Ida Manmin Church sa unang pagkakataon sa imbitasyon ni Kap. Hayashi Hiroko. Habang nananalangin ako sa harapan ng krus ng simbahan, hindi ko alam kung bakit nagsimulang tumibok ng malakas ang puso ko. Natuwa ako sa mainit na pagmamahal ng mga miyembro ng iglesya na nagsilapit sa akin. Inisip ko, “Mayroon pa palang ganitong lugar ngayon!”

Hindi ko maalis ang pagkakatitig ko sa isang litrato sa dingding ng simbahan. May babaing lumapit sa akin at sinabi, “Iyan ang pinakamagandang tirahan sa Langit, ang Bagong Jerusalem.”

Naalala ko ang mga narinig ko tungkol sa buhay pagkatapos ng kamatayan at sa miserableng lugar na tinatawag na ‘Impiyerno.’ Noong oras na iyon, inisip ko, “Mayroon talagang buhay pagkatapos ng kamatayan. Gusto ko talagang makapunta sa magandang lugar na tinatawag na Langit – tulad ng nasa litrato.” Simula noon, buong sipag na akong dumadalo sa iglesya, sa mga pagsamba at mga pagtitipon.

Noong Setyembre 21, 2011, tinanggap ko ang panalangin ni Pastor Seungil Ryu sa isang pagtitipon na may panyong nakakapagpagaling na ginawa sa Ida Manmin Church. Dahil dito, nagkaroon ako ng mas malaking pananampalataya. Dumalo ako noong Setyembre 25 sa ika-17 anibersaryo ng Nagoya Manmin Church sa kanilang pagsamba at pagtitipon na may panyong nakakapagpagaling. Pinangunahan ito ni Pastora Heesun Lee. Ipinatong niya sa akin ang panyo at idinalangin ako (Ang Mga Gawa 19:11-12).

Nag-init ang tuktok ng ulo ko habang ipinapanalangin kaya pinagpawisan ako. Namangha ako dahil tumagal ito ng mahigit sa isang oras. Pagkatapos nito, nagkaroon ng mga pagbabago sa katawan ko.

Sa katunayan, tatlong taon bago ang pagtitipon, matagal na akong nalantad sa ‘air conditioner.’ Dahil dito, nagkaroon ako ng matinding pananakit sa tiyan, likod, bukong-bukong, at talampakan. Pakiramdam ko, tinutusok ako ng mga aspile. Nasanay ang katawan ko sa malamig na temperatura, kaya kahit mainit ang panahon, nanlalamig pa rin ako. Kaya naglalagay ako ng mga ‘hot water bag’ sa buong katawan ko. Gumamit ako ng maraming panlunas tulad ng pagpapaligo sa ibabang bahagi ng katawan ko pero walang epekto ang mga ito. Sinabihan ako ng mga doktor na hindi nila kayang gamutin ito.

Napakalungkot naman kung habang buhay kong pagdudusahan ang ganitong kalagayan.

Gayun pa man, nawala ang panlalamig ko pagkatapos ng panalangin at nawala na rin ang masasakit sa katawan ko. Hindi ko na kailangang magdala ng ‘hot water bags’ kahit taglamig, malusog na malusog na ako. Hallelujah!

Ngayon, nagsisikap akong ipahayag ang ebanghelyo bilang pasasalamat sa pagpapala ng Diyos na nagpagaling at nagligtas sa akin. Ibinabahagi ko ang patotoo ko sa mga taong nagdurusa dahil sa mga karamdaman at nabubuhay sa pag-aalala. Natututo rin ako ng Salita ng Diyos sa tulong ng misyonerong si Eunkyung Ryu sa pulong namin tuwing Miyerkules. Noong Abril 2012, pumasok ako sa Manmin International Seminary (MIS) para mag-aral ng dalawang taong kurso, pinag-aaralan ko ang Biblia, ang ebanghelyo ng kabanalan, at inuunawa ang damdamin at kalooban ng Diyos.

Gusto kong ipamahagi ang mabuting balita at magpasalamat sa pag-ibig ng Panginoon na namatay sa krus at nagbuhos ng mahalagang dugo para tubusin tayo sa ating mga kasalanan. Nagpapasalamat at niluluwalhati ko ang Diyos at ipinaaabot ko rin ang pasasalamat kay Dr. Jaerock Lee na nanalangin para sa akin.



Kap. Kaneda Shizuko (Kanan) kasama ang mga binabahagian niya ng ebanghelyo

# “Nawala ang Bukol sa Dibdib Ko nang Tanggalin Ko ang Galit”

**Nadakorn Thummasat – Mangangaral ng Ebanghelyo**
(Chiang Rai Manmin Church, Thailand)



Noong Mayo 28, 2012, sumakit ang kanang dibdib ko at nakapa ko na may bukol ito. Lumaki ito at mas lalong sumakit. Nahirapan pa akong huminga. Dati, nagpupunta agad ako sa ospital, pero ngayon, nagdesisyon akong umasa na lang sa Diyos.

Nagkaroon na ako ng espirituwal na pananampalataya dahil sa pagdalo ko sa Chiang Rai Manmin Church noong Nobyembre 2011. Isang linggo bago mangyari ang lahat ng ito, pinanood ko ang isang mensahe ng patotoo ni Rose Han, isang lider sa pagpupuri ng Manmin Central Church. Gumaling siya sa TB sa pamamagitan ng pananampalataya. Dahil dito, kumbinsido akong gagaling din ako.

Inisip ko kung bakit nangyari sa akin ito, at natanto ko – dahil may kinikimkim akong galit sa puso ko. Galit ako sa mga taong binalewala at nagpahirap sa akin may ilang taon na ang nakaraan. Umiyak ako habang nagsisisi sa harap ng Diyos. Noong Hunyo 1, 2012, tinanggap ko ang panalangin ni Dr. Jaerock Lee para sa may sakit sa magdamag na pagsamba tuwing Biyernes sa GCN. Nawala ang pananakit pati na ang bukol sa dibdib ko. Hallelujah!

Dahil dito, naunawaan kong ang galit ay napabigat na kasalanan. Sinasabi sa Biblia na mahalin natin ang mga kaaway natin. At sinasabi rin, “Ang may galit sa kapatid ay mamamatay tao.” Alam ko ito sa isip ko pero hindi ko isinasabuhay. Nang gumaling na ako, mapalad akong nakabisita sa Manmin Central Church.

Noong Hunyo 8, 2012, parang nananaginip ako habang nasa magdamag na pagsamba tuwing Biyernes sa pinakamalaking santuwaryo ng Manmin Central Church. Dumalo ako sa Pulong Panalanging Daniel na idinadaos gabi-gabi. Naantig ang puso ko sa maraming miyembrong maalab na nananalangin at may kamangha-manghang nangyari sa akin.

Sa isang pangitain, ngumiti si Dr. Lee sa akin at mayroong mainit na hanging humaplos sa puso ko. Nang sandaling iyon, binigyan ako ng inspirasyon ng Banal na Espiritu at ipinaalala sa akin ang payo ni Misyonerong Jaewon Lee, “Huwag nawang mangyari na tayo’y magkasala laban sa PANGINOON sa paghinto sa pananalangin.” (1 Samuel 12:23). Lubos kong naunawaan ang kahalagahan ng pananalangin.

Noong Hunyo 11, pumunta ako sa lugar ng Muan Sweet Water kung saan ang tubig-dagat ay naging tubig na maaaring inumin. Nakita kong bumukas ang pintuan ng langit at nakita ko ang langit at ang mga anghel. Pagkatapos kong inumin ang Muan Sweet Water, gumaling ang nanunuyo kong lalamunan na nagpapahirap sa akin mula noong bata pa ako. Gumaling din ang ubo ko na sanhi ng pabago-bagong panahon. Nagpapasalamat at niluluwalhati ko ang Diyos na may Tatlong Persona na nagpatunay sa pag-ibig Niya sa pamamagitan ng kamangha-mangha at makapangyarihang pagkilos.

GCN
Tel: 82-2-824-7107
www.gcntv.org
e-mail: webmaster@gcntv.org

MIS
Manmin International Seminary
Tel: 82-2-818-7334
www.manminseminary.org
e-mail: manminseminary2004@gmail.com

WCDN
World Christian Doctors Network
Tel: 82-2-818-7039
www.wcdn.org
e-mail: wcdnkorea@gmail.com

URIMBOOKS
Tel: 82-70-8240-2075
urimbooks.com
e-mail: urimbook@hotmail.com

# “Nagpapasalamat Ako sa Diyos na Nagpagaling sa Puso Ko at sa Sakit sa Balat ng Anak Kong Lalaki”



Diakonesa Yumi Lee (2-10 Parish)

Noong bata pa ako, naghiwalay ang mga magulang ko dahil sa madalas na pagtatalo at naluging negosyo. Nag-iwan ng malalim na sugat sa puso ko ang galit at mga reklamo laban sa mga magulang ko mula pa noong pagkabata ko. Dahil sa mga pangyayaring ito, hindi rin naging maganda ang pagsasama naming mag-asawa.

Sumasakit muli ang malalim na sugat kapag hindi ko na nararamdaman ang mainit na yakap ng asawa ko. Tumatanggi ako sa kanya dahil pagod na pagod na ako sa pagpapalaki ng anak namin, at nagagalit ako sa kanya.

### Nagkasakit ng impetigo (malala at nakakahawang impeksyon sa balat dahil sa bakterya) ang 3 taon gulang kong anak na lalaki

Noong Marso 2012, nagsimulang lumitaw ang mapupulang singaw sa mukha ng 3 taong gulang kong anak na si Eu-in pagkatapos naming magpasyal. Kinabukasan, nagkaroon siya ng mga paltos sa noo at sa baba. Nang kamutin niya ang mga ito, kumalat ito sa kilay, ilong, at bibig niya. Hindi ko inisip na malala ito dahil napagaling na dati ang sipon at enteritis (impeksyon sa bituka) niya ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee sa pamamagitan ng panalangin.

Kaya tinanggap namin ng asawa ko ang panalangin niya para sa mga may sakit sa ‘telephonic automated response service’ (ARS) ng iglesya. Gayun pa man, hindi siya gumagaling. Samantala, natanto naming kailangan kaming magsisi sa harap ng Diyos. Dahil ang mga kasalanan ng mga magulang ang sanhi ng sakit ng mga anak.

Noong Abril 6, 2012, nagpunta kami sa Pediatrics & Adolescent Hospital (ospital para sa mga bata at kabataan) para alamin kung ano talaga ang sakit ng anak namin. Nasuring mayroon siyang impetigo. Nirekomenda ng doktor na ipasok ang anak namin sa ospital para malunasan dahil baka kumalat sa buong katawan niya ang impeksyon. Noong gabing iyon, dumalo kami sa magdamag na pagsamba tuwing Biyernes at napagtanto ang kahalagahan ng mapayapang pamilya habang nakikinig sa mensahe.

Pinagsisihan ko nang husto na pinalaki ko ang anak ko nang kulang sa pagmamahal, sinaktan ko ang damdamin ng asawa ko, at madalas na nakipagtalo sa kanya sa walang saysay na mga bagay. Sinabi ng asawa ko sa akin na pinagsisihan din niya na hindi niya ako inasikasong mabuti, at hindi naging tahimik ang aming pamilya.

### Pagkatapos naming magsisi, nagsimula ang banal na pagpapagaling

Sa loob ng tatlong araw, biniyayaan kaming mag-asawa ng Diyos ng pag-ibig. Muli naming tinanggap ang panalangin ni Dr. Lee para sa mga may sakit sa pamamagitan ng ARS. Kumalat na sa kamay at singit ang impetigo ng anak ko. Pagkatapos ng panalangin, nagsimulang gumaling ang sakit niya. At nasorpresa ako dahil sa loob ng isang linggo, magaling na magaling na siya.

Sa katunayan, noong Marso 9, tatlong linggo bago magkaroon ng impetigo ang anak ko, pinuntahan namin ang Punong Pastor Dr. Jaerock Lee para tumanggap ng panalangin at magbigay ng kaloob para sa ministeryo niya. Noong oras na iyon, sinabi niya na hindi pa matatag ang pananampalataya namin. Sinabi pa niya, “Dapat magkaroon kayo ng kapayapaan sa pamilya ninyo. Dapat maging espirituwal ang pagpapalaki sa inyong anak.” Ibig sabihin, ipinakita na ng Diyos sa amin ang paraan kung paano malulutas ang problema namin. Pero hindi pa rin kami sumunod. Napakatanga namin!

Bukod pa sa pagpapagaling sa anak ko, pinagaling din ng Diyos ng pag-ibig ang mga sugat sa puso ko mula pa noong aking pagkabata. Ang mensahe ni Pastora Soojin Lee sa pagsamba noong Hunyo 3, 2012 na pinamagatang “Hidden Darkness” ay nagbigay sa akin ng malaking kaalaman at pang-unawa.

Kinagabihan, napanaginipan ko ang Punong Pastor Lee. Napanaginipan ko ang tatlong magkakasunod na bagay noong gabing iyon. Sa unang tagpo, nag-ayos siya ng mga itim na damit at sinabihan akong itapon ang mga ito kasama ang mga dati kong nakagawian. Sa pangalawang tagpo, hinawakan niya ang mga kamay ko at inaliw ako na sinasabing batid niya ang lahat ng bagay na nagpapasakit sa damdamin ko. Nag-init ang mga kamay, braso, at puso ko. Sa pangatlong tagpo, nagpakita siya sa akin ng mga taong nagpapasalamat sa Diyos kahit nasa mas malalang situwasyon sila kaysa sa akin, at sinabi niya sa akin na mamuhay ako na puno ng pagpapasalamat.

Mula nang managinip ako, hindi na muling nangibabaw ang mga sugat ng nakaraan ko. Nagpapasalamat at niluluwalhati ko ang Diyos na may Tatlong Persona na nagpagaling sa impetigo ng anak ko at sa mga sugat sa puso ko na hindi ko kayang alisin sa pamamagitan ng sarili kong lakas. Nagpapasalamat ako sa kagalakan ng pamilya ko.

---

Panayam



## “Ang Punong Pastor Lee: Nangangaral ng Mensaheng Batay sa Biblia Siya ang Dakilang Guro Ko”

Troy Miller
(Presidente at CEO ng NRB Network)

Ang NRB Network, na pinapatakbo ng National Religious Broadcasters (NRB), ay nagsimula sa pagbobrodkast noong 2005. Ngayon 2012, naaabot na nito ang 33% populasyon ng Estados Unidos. Layunin naming maabot ang 100% ng populasyon bago mag-2015.

Ibinobrodkast namin ang ‘Words of Life with Dr. Jaerock Lee’ tuwing Linggo ng umaga. Ang mga krusada niya sa ibang bansa ay ibinobrodkast din bilang espesyal na palabas. Dahil sa inspirasyong ibinigay sa akin ng mga ito, nadama kong si Dr. Lee ay isang magaling na guro na nagbabahagi ng ebanghelyo ng Panginoon. Ang NRB Network ay hindi basta nagbobrodkast ng kahit na anong sermon. Hinahanap at pinipili namin ang mga pastor na maghahatid ng mensaheng batay sa Biblia.

Dalawang taon na ang nakakaraan, nagkataong nakapanood ako ng pagsamba ng Manmin Central Church sa GCN (Global Christian Network) TV. Naisip ko: “Ito ang ebanghelyo!” Ang mga programa ng GCN ay hindi lang para sa mga Koreano, ito rin ay para sa lahat ng bansa. Naniniwala ako na dapat itong panoorin ng mga Amerikano.

Hindi madaling ipangaral ang ebanghelyo sa buong mundo ngayon. Sa Estados Unidos, nahihirapan kami dahil sa pagpapalit ng kalakaran sa politika at may mga grupo ng ateista na nagpapahirap at tumututol sa pagbobrodkast ng mensaheng Cristiano. Ang NRB ay isang organisasyon na may mahalagang tungkulin sa pagbabahagi ng ebanghelyo sa Amerika sa pamamagitan ng radyo, TV, internet, at mga babasahin. Nakikipagtulungan din kami sa ilang sangay ng gobiyerno at pinagsisikapan naming matanggap ang mga opinyon o pananaw ng mga brodkaster na Cristiano.

Napakamahalaga ng ebanghelyo ng kabanalan ni Dr. Lee na ipinapalabas tuwing Linggo. Para sa NRB TV Network, ang samahan nila ng GCN TV at ni Dr. Jaerock Lee ay napakaimportante. Minamahal namin siya at taos-puso kaming nagpapasalamat sa kanya.

---

## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras
Sampaloc, Manila, Philippines
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan,
Bataan, Philippines
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee
0910-262-5465

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San
Mateo, Isabela, Philippines
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee
0905-649-1120

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant),
Santiago Gen.Trias, Cavite, philippines
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 /
0916-674-3903 /
0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub.
Bayan Luma 7, Imus Cavite,
Philippines
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4
Looc Along Side The Canjulao
Road, Lapu-Lapu City Cebu,
Philippines
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores
Village, Bangkal, Davao City,
Philippines
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714